# KABIGIN ANG MASA NG MILYUN-MILYONG MAMAMAYAN SA PAMBANSANG NAGKAKAISANG PRENTENG ANTI-HAPONES

*Mayo 7, 1937*

[Ito ang pangwakas na talumpating binigkas ni Kasamang Mao Zedong sa Pambansang Kumperensya ng Partido Komunista ng Tsina na ginanap noong Mayo 1937.]

Mga kasama! Sa takbo ng talakayan nitong nakaraang ilang araw, sumang-ayon kayo sa aking ulat na "Ang mga Tungkulin ng Partido Komunista ng Tsina sa Panahon ng Pagtatanggol laban sa Japan"; ilang kasama lamang ang nagpahayag ng ibang pananaw. Dahil makabuluhan din naman ang tumututol na mga pananaw na ito, tatalakayin ko muna ang mga ito sa aking pangwakas na talumpati bago ko harapin ang iba pang mga usapin.

## Ang Usapin ng Kapayapaan

Sa loob ng halos dalawang taon, ipinaglaban ng ating Partido para sa panloob na kapayapaan. Pagkaraan ng Ikatlong Plenaryong Pulong ng Sentral na Komiteng Tagapagpaganap ng Guomindang, idineklara nating nakamit na ang kapayapaan, tapos na ang yugto ng "pakikibaka para sa kapayapaan" at ang bagong tungkulin ay "konsolidahin ang kapayapaan". Sinabi rin natin na ang bagong tungkuling ito ay nakaugnay sa "pakikibaka para sa demokrasya", ibig sabihi'y pagkokonsolida sa kapayapaan sa pamamagitan ng pakikibaka para sa demokrasya. Gayunman, ikinakatwiran ng ilang kasama na mahirap ipagtanggol ang pananaw nating ito. nangangahulugan itong ang inabot nilang pananaw ay kasalungat o kaya'y nagpapatawing-tawing sa pagitan ng dalawang ito. Ikinakatwiran kasi nila, "Umaatras ang Japan[1] at higit na nag-uurong-sulong ang Nanking kaysa dati; humihina ang kontradiksyon ng dalawang bayan at umiigting ang kontradiksyon sa loob ng Tsina." Mangyari pa, ayon sa ganitong pagtantya, walang bagong yugto o bagong tungkulin, at bumalik sa dating yugto o lumalala pa nga ang sitwasyon. Sa palagay ko'y mali ang pananaw na ito.

Sa pagsasabing nakamit na ang kapayapaan, hindi natin ibig sabihin na nakonsolida na ito; kabaligtaran nga, sinasabi nating hindi pa ito nakokonsolida. Dalawang magkakaibang bagay ang pagkakamit ng kapayapaan at pagkokonsolida nito. Maaaring pansumandaling bumwelta ang kasaysayan at mahadlangan ang kapayapaan dahil sa pag-iral ng imperyalismong Hapones, mga traydor at grupong maka-Hapon. Pero ang totoo'y nakamit ang kapayapaan pagkaraang mangyari ang Insidente sa Sian at ang kapayapaang ito'y bunga ng ilang salik (ang pundamental na patakaran ng Japan na manalakay, ang paborableng aktitud ng Unyong Sobyet at pati ng Britain, United States at Pransya sa panloob na kapayapaan sa Tsina, ang presyur ng sambayanang Tsino, ang patakarang kapayapaan ng Partido Komunista noong mangyari ang Insidente sa Sian at patakaran nitong wakasan ang antagonismo sa pagitan ng dalawang rehimen, ang pag-iiba-iba sa hanay ng burgesya, ang pag-iiba-iba sa hanay ng Guomindang, at iba pa); hindi solong matatamo o kaya'y mawawasak ni Chiang Kai-shek ang kapayapaan. Para wasakin ito, kailangan niyang makipaglaban sa maraming pwersa at mas lumapit sa mga

imperyalistang Hapones at sa grupong maka-Hapon. Walang dudang patuloy pang nagtatangka ang mga imperyalistang Hapones at ang grupong maka-Hapon na patagalin ang gerang sibil sa Tsina. Iyan mismo ang dahilan kung bakit hindi pa nakokonsolida ang kapayapaan. Dahil ganyan ang nangyayari, ang naging kongklusyon natin na imbis na ipanawagang muli ang lumang mga islogang "wakasan ang gerang sibil" at "ipaglaban ang kapayapaan", dapat tayong humakbang pasulong at ipanawagan ang bagong islogang "ipaglaban ang demokrasya", dahil ito lamang ang paraan para konsolidahin ang panloob na kapayapaan at ilunsad ang digma sa pagtatanggol laban sa Japan. Bakit natin ipinapanawagan ang tatlong mahigpit na magkakaugnay na islogang "konsolidahin ang kapayapaan", "ipaglaban ang demokrasya" at "maglunsad ng armadong paglaban"? Ang sagot ay nais nating isulong ang gulong ng rebolusyon at walang pumipigil sa atin na gawin ito. Ang mga ayaw maniwala na may bagong yugto at bagong tungkulin, ang ayaw maniwalang "nag-umpisa nang magbago" ang Guomindang, at sa ganoon ding pangangatwira'y ayaw maniwala sa mga natamo ng lahat ng pwersang isa't kalahating taon nang nakikibaka para makamit ang kapayapaan – ang mga ito ay mananatili sa kanilang kinaroroonan, at hindi uusad kahit isang pulgada.

Bakit nakakagawa ng ganyang kahinaang pagtantya ang mga kasamang ito? Ito'y dahil sa pagtataya sa kasalukuyang sitwasyon, hindi sila nagsisimula sa mga pundamental kundi sa maraming limitado at pansamantalang pangyayari (ang diplomasya ni Sato, ang paglilitis sa Soochow,[2] ang panunupil sa mga welga, ang paglilipat ng Hilagang-silangang Hukbo sa silangan,[3] ang pangingibang-bayan ni Heneral Yang Hu-cheng,[4] at iba pa); samakatwid, mapanglaw ang nakikita nilang larawan. Sinasabi nating nag-umpisa nang magbago ang Guomindang at sinasabi rin nating hindi pa ito lubusang nagbabago. Hindi maubos-maisip na lubusang magbabago ang reaksyunaryong patakarang sampung taon nang ipinapatupad ng Guomindang kung walang panibagong pagsisikap – mas marami at mas malakihang pagsisikap – sa ating panig at sa panig ng mamamayan. Marami-raming taong "Kaliwa" sa taguri – na kadalasa'y mahigpit na tumutuligsa sa Guomindang at noong mangyari ang Insidente sa Sian ay narekomendang bitayin si Chiang at "lumaban hanggang makalabas ng Tungkuan"[5] – ay nagtataka ngayon kapag may mga nangyayaring tulad ng paglilitis sa Soochow pagkatapos na pagkatapos makamit ang kapayapaan, at nagtatanong, "Bakit kaya gumagawa pa ng ganoon si Chiang Kai-shek?" Dapat nilang maintindihan na hindi diyos ang mga Komunista o si Chiang Kai-shek, at hindi rin sila hiwalay na mga indibidwal kundi kabilang sa isang partido o isang uri. Unti-unting maisusulong ng Partido Komunista ang rebolusyon pero hindi nito malilipol kaagad ang lahat ng kasamaan sa Tsina sa loob ng magdamag.

Nag-umpisa nang magbago si Chiang Kai-shek at ang Guomindang, pero tiyak na hindi maaalis kaagad ang duming naipon sa nakaraang sampung taon nang walang malakihang pagsisikap mula sa mamamayan. Naniniwala tayo na ang tunguhin ay patungong kapayapaan, demokrasya at pagtatanggol, pero hindi nito ipinapahiwatig na malilipol nang walang anumang pagsisikap ang dating mga kasamaan – ang gerang sibil, diktadura at kawalang pagtatanggol. Sa pamamagitan lamang ng pakikibaka at masikhay na gawain, at sa loob pa nga ng mahabang panahon, maaalis natin ang dating mga kasamaan, ang lumang mga dumi, at maiiwasang dumanas ng mga kapahamakan o kahit mga pagkatalo sa rebolusyon.

“Desidido silang wasakin tayo.” Totoo naman, lagi silang nagtatangkang wasakin tayo. Inaamin ko ang kawastuan ng pagtantyang ito, at kailangang tulog na tulog nga ang sinuman para hindi makita ang punto. Pero ang usapin ay kung may anumang pagbabago sa paraan ng pagtatangka nilang wasakin tayo. Sa palagay ko’y nagkaroon na ng pagbabago. Ang pababago ay tungo sa reporma at panlilinlang mula sa pandirigma at masaker, tungo sa malambot na patakaran mula sa matigas na patakaran, tungo sa patakarang pampulitika mula sa  patakarang militar. Bakit nagkaroon ng ganyang pagbabago? Dahil nahaharap sa imperyalismong Hapones, napilitan ang burgesya at ang Guomindang na pansamantalang makipag-alyado sa proletaryado, tulad din naman ng paghahangad nating makipag-alyado sa burgesya. Ito ang pagsimulan natin sa pagsusuri sa usapin. Sa ibang parte ng mundo, sa ganoon ding dahilan, nagbago ang gubyernong Pranses mula sa pakikipaglaban sa Unyong Sobyet tungo sa pakikipag-alyansa rito.[6] Nagbago ang ating mga tungkuling panloob at naging pampulitika ang dati nating lokal na tungkuling militar. Sa ating panig, hindi natin kailangang magpakana; ang layunin nati’y sama-samang gapiin ang imperyalismong Hapopnes sa pamamagitan ng pakikipagkaisa sa lahat ng myembro ng burgesya at Guomindang na pumapabor sa pagtatanggol.

**Ang Usapin ng Demokrasya**

“Mali na ang bigyang-diin ay demokrasya; ang dapat lamang bigyang-diin ay ang pagtatanggol laban sa Japan. Kung walang tuwirang aksyon laban sa Japan, hindi magkakaroon ng kilusan para sa demokrasya. Ang gusto ng mayorya ng mamamayan ay ang pagtatanggol lamang laban sa Japan, hindi ang demokrasya, at ang kailangan ay isa pang Kilusang Disyembre 9.”[7]
Hayaan ninyong magharap muna ako ng ilang tanong. Masasabi bang ang gusto lamang ng mayorya ng mamamayan noong nakaraang yugto (ibig sabihi’y mula noong Kilusang Disyembre 9 ng 1935 hanggang Ikatlong Plenaryong Pulong ng Sentral na Komiteng Tagapagpaganap ng Guomindang noong Pebrero 1937) ay ang pagtatanggol lamang sa Japan at hindi ang kapayapaan sa Tsina? Mali bang magdiin noon sa panloob na kapayapaan? Imposible bang magkaroon ng kilusan para sa kapayapaan sa Tsina nang walang tuwirang aksyon laban sa Japan (nangyari ang Insidente sa Sian at idinaos ang Ikatlong Plenaryong Pulong ng Sentral na Komiteng Tagapagpaganap ng Guomindang pagkatapos magwakas ang pagtatanggol sa Suiyuan, at ngayo’y wala pa ring katumbas ng pagtatanggol sa Suiyuan o ang Kilusang Disyembre 9)? Alam ng lahat na para magtanggol laban sa Japan ay kailangang magkaroon ng kapayapaan sa Tsina, na hindi makapagtatanggol laban sa Japan kung walang kapayapaan sa Tsina, at isang kondisyon sa paglaban ang kapayapaan sa Tsina. Ang lahat ng aktibidad na anti-Hapones noong nakaraang yugto, tuwiran man o hindi (mula Kilusang Disyembre 9 hanggang Ikatlong Plenaryong Pulong ng Sentral na Komiteng Tagapag-ugnay ng Guomindang), ay itinuon sa pakikibaka para sa kapayapaan sa Tsina, na siyang sentrong kawing noon, ang pinakaesensyal na bagay, sa kilusang anti-Hapones.

Gayundin, sa bagong yugto sa kasalukuyan, demokrasya ang pinakaesensyal na bagay para sa pagtatanggol laban sa Japan, at ang pagkilos para sa demokrasya ay pagkilos para sa pagtatanggol laban sa Japan. Nakasalalay sa isa’t isa ang pagtatanggol at ang

demokrasya, tulad din ng pagtatanggol at ang kapayapaan sa Tsina, ng demokrasya at ng kapayapaan sa Tsina. Demokrasya ang garantya sa pagtatanggol, samantalang makakapagbigay naman ang pagtatanggol ng paborableng kundisyon sa pagsusulong ng kilusan para sa demokrasya.

Inaasahan nating magkaroon – at magkakaroon nga – ng maraming tuwiran at di tuwirang pakikibaka sa Japan sa bagong yugto, at maitutulak ng mga ito ang digma sa pagtatanggol at matutulungan nang husto ang kilusan para sa demokrasya. Pero ang bag-as at esensya ng rebolusyunaryong tungkuling itinakda sa atin ng kasaysayan ay ang pagkakamit ng demokrasya. Mali ba, kung gayon, na patuloy na bigyang-diin ang demokrasya? Sa palagay ko'y hindi.

"Umaatras ang Japan, halos kumikiling na nga ng Britain at Japan sa pagsasalubungan at higit na nag-uurong-sulong ang Nanking kaysa dati." Sumulpot ang ganitong walang saysay na pangangambang ito dahil sa kawalang-muwang sa mga batas ng pag-unlad ng kasaysayan. Kung may rebolusyon nga sa Japan at talagang umalis ito sa Tsina, makakatulong ito sa rebolusyong Tsino at siya nating gusto, na maghuhudyat ng umpisa ng pagbagsak ng pandaigdigang prente ng agresyon. Kung gayo'y anong puwang ang malilikha para sa pangangamba? Pero ang totoo'y hindi ito ang nangyayari; ang mga ikinikilos ni Sato sa larangan ng diplomasya ay paghahanda sa isang malaking gera, at nahaharap tayo sa malakingdigma. Walang maidudulot sa Britain ang kanyang patakarang mag-urong-sulong, at ito'y tinitiyak ng banggaan ng kanyang interes at ng Japan. Kung matagal pang mag-uurong-sulong ang Nanking, magiging kaaway ito ng buong bansa, at hindi rin ito pinahihintulutan ng sariling interes na patuloy na mag-urong-sulong. Hindi mababago ng pansamantalang pag-atras ang pangkalahatang batas ng kasaysayan. Sa gayon, hindi dapat itanggi ninuman na may bagong yugto o kaya'y kailangang itakda ang tungkuling kamtin ang demokrasya. Isa pa, sa ano't anuma'y angkop ang islogan ng demokrasya dahil malinaw sa lahat na kulang na kulang, at hindi sobra-sobra, ang demokrasyang tinatamasa ng sambayanang Tsino. Ipinapakita rin ng aktwal na mga pangyayari na ang paglilinaw sa bagong yugto, at ang pagtatakda na tungkulin nating kamtin ang demokrasya, ay paghakbang palapit sa pagtatanggol. Sumusulong ang mga pangyayari; huwag nating iatras ang kamay ng orasan!

"Bakit tayo masyadong nagbibigay diin sa pambansang asembleya?" Dahil isa itong bagay na makakaapekto sa bawat aspeto ng buhay, dahil ito ang tulay mula sa reaksyunaryong diktadura tungo sa demokrasya, dahil kaugnay ito ng pagtatanggol sa bansa at dahil isa itong ligal na institusyon. Wasto naman na bawiin ang silangang Hopei at hilagang Chahar, labanan ang ismagling,[8] labanan ang "kolaborasyon sa ekonomya,"[9] atbp., na iminumungkahi ng maraming kasama, pero nakakatulong ang mga aksyong ito sa halip na sumalungat sa pakikipaglaban para sa demokrasya at sa pambansang asembleya; ang esensyal na bagay pa rin ay ang pambansang asembleya at ang kalayaan para sa mamamayan.

Wasto at di mapapasubalian na dapat iugnay sa kilusan para sa demokrasya ang pang-araw-araw na pakikibaka sa Japan at ang pakikibaka ng mamamayan para sa mas magandang buhay. Gayunpaman, ang sentral at esensyal na bagay sa kasalukuyang yugto ay ang demokrasya at kalayaan.

**Ang Usapin ng Hinaharap ng Rebolusyon**

Iniharap ng ilang kasama ang usaping ito, at dito, maikli lamang ang maisasagot ko.
Sa pagsulat ng isang artikulo, maisusulat lamang ang ikalawang bahagi pagkatapos ng unang bahagi. Ang matatag na pamumuno ang rekisito para sa tagumpay ng sosyalismo. Nakikibaka tayo para sa sosyalismo, at sa usaping ito'y iba tayo sa mga naglilimita ng sarili sa rebolusyunaryong Tatlong Prinsipyo ng Mamamayan. Iyon ang dakilang mithiin sa hinaharap na siyang pinagtutuunan ng kasalukuyan nating mga pagsisikap; kung makakaligtaan natin ang mithiing ito, hihinto tayong maging Komunista. Pero hihinto rin tayong maging Komunista kung lulubayan naman natin ang ating mga pagsisikap ngayon.

Itinataguyod natin ang teorya ng transisyon ng rebolusyon[10] at pabor tayo sa transisyon ng demokratikong rebolusyon sa direksyon ng sosyalismo. Uunlad ang demokratikong rebolusyon sa ilang yugto, at lahat ng ito'y sa islogan ng demokratikong republika. Ang pagbabago mula sa pangingibabaw ng burgesya tungo sa pangingibabaw ng proletaryado ay isang mahabang proseso ng pakikibaka, ng pakikibaka para sa pamumuno na ang tagumpay ay nakasalalay sa pagkilos ng Partido Komunista sa pagtataas sa antas ng kamulatang pampulitika at organisasyon ng proletaryado at uring magsasaka at petiburgesyang lunsod.
Ang uring magsasaka ang matatag na alyado ng proletaryado, kasunod ang petiburgesyang lunsod. Ang burgesya ang makikipagtunggali sa atin sa pamumuno.

Para mapangibabawan ang pag-uurong-sulong ng burgesya at kawalan nito ng rebolusyonaryong kapuspusan, dapat tayong umasa sa lakas ng masa at sa kawastuan ng ating patakaran, at kung hindi'y mananaig ang burgesya.

Ang gusto natin ay transisyong di madugo, at dapat natin itong pagsikapang kamtin, pero nakasalalay sa lakas ng masa ang anumang mangyayari.

Itinataguyod natin ang teorya ng transisyon ng rebolusyon at hindi ang maka-Trotsky na teoryang "permanenteng rebolusyon."[11] Pabor tayo sa pagkakamit ng sosyalismo sa pamamagitan ng pagdaan sa lahat ng kinakailangang yugto ng demokratikong republika. Salungat tayo sa buntotismo, pero salungat din tayo sa adbenturismo at kapusukan.

Pamamaraang maka-Trotsky, na hindi natin masasang-ayunan, ang tanggihan ang paglahok ng burgesya sa rebolusyon sa dahilang magiging pansamantala lamang iyon at kung ilalarawang pagsuko ang pakikipag-alyansa sa mga seksyong anti-Hapones ng burgesya (sa isang bayang malakolonyal). Sa katunayan, ang gayong pakikipag-alyansa ngayon ay isang kinakailangang tulay tungo sa sosyalismo.

**Ang Usapin ng mga Kadre**

Ang isang dakilang rebolusyon ay nangangailangan ng malaking partido at maraming primera klaseng kadre na gagabay dito. Sa Tsina, na may populasyong 450 milyon, imposibleng isulong ang ating dakilang rebolusyon kung maliit at makitid na grupo ang

pamunuan at kung mababaw mag-isip, makitid ang pananaw at walang kakayahan ang mga lider at kadre ng Partido. Sa mahabang panahon, ang Partido Komunista ng Tsina ay isang malaking partido at malaki pa rin ito sa kabila ng mga pagkatalo noong panahon ng reaksyon; marami itong mahuhusay na lider at kadre, pero hindi pa rin sapat ang bilang. Dapat palaganapin sa buong bayan ang mga organisasyon ng Partido at dapat sadya tayong magsanay ng sampu-sampung libong kadre at daan-daang primera klaseng lider. Dapat silang maging mga kadre at lider na maalam sa Marxismo-Leninismo, malayo ang pananaw sa pulitika, mahusay sa gawain, puno ng diwa ng pagmamalasakit, may kakayahang lumutas ng problema nang nagsasarili, matatag sa gitna ng hirap at tapat sa paglilingkod sa bansa, sa uri at sa Partido. Sa ganitong mga kadre at lider umaasa ang Partido para maugnayan ang kasapian at ang masa, at sa pagsandig sa matatag nilang pamumuno sa masa matitiyak ng Partido na magagapi ang kaaway. Kailangang ang mga kadre at lider na iyon maging di makasarili, hindi indibidwalista sa kabayanihan, hindi pasikat, masipag, aktibo at walang sektaryang arogansya, at kailangan silang maging di makasariling bayani ng bansa at uri; ganoon ang mga katangian at estilo ng paggawa na hinihingi sa mga kasapi, kadre at pinuno ng Partido. Ito ang ispiritwal na pamana sa atin ng sampu-sampung libong myembro, libu-libong kadre at daan-daang primera klaseng pinuno na nagbuwis ng buhay para sa simulain. Walang alinlangang dapat nating matamo ang mga katangiang ito, lalupang magsikap na baguhin ang ating sarili at iangat ang sarili sa mas mataas na rebolusyunaryong antas. Pero kahit ito'y hindi pa sapat; dapat ituring din nating tungkulin ang tumuklas ng marami pang bagong kadre at lider sa Partido at sa Tsina. Nakasalalay sa mga kadre ang ating rebolusyon. Sabi nga ni Stalin, "Mapagpasya ang mga kadre."[12]

**Ang Usapin ng Demokrasya sa Loob ng Partido**

Para makamit ang layuning ito, napakahalaga ng demokrasya sa loob ng Partido. Kung gusto nating palakasin ang Partido, dapat ipatupad natin ang demokratikong sentralismo para mapasigla ang inisyatiba ng lahat ng kasapi. Mas pinairal ang sentralismo noong panahon ng reaksyon at gerang sibil. Sa bagong yugto, kailangang mahigpit na iugnay ang sentralismo sa demokrasya. Ipatupad natin ang demokrasya, at sa gayo'y palaganapin ang inisyatiba sa buong Partido. Palargahin natin ang inisyatiba ng lahat ng kasapi ng Partido, at sa gayo'y magsanay ng napakaraming bagong kadre, alisin ang mga labi ng sektaryanismo at pagkaisahin ang buong Partido nang sintigas ng asero.

**Pagkakaisa sa Kumperensya at sa Buong Partido**

Pagkaraan ng mga paliwanagan, nakarating sa pagkakaisa ang magkakaibang mga upinyon tungkol sa mga isyung pampulitikang ipinahayag sa kumperensyang ito, at naresolba na rin ang pagkakaiba sa pagitan ng linya ng Komite Sentral at linya ng pag-atras na itinaguyod sa pangunguna ng ilang kasama;[13] ipinapakita nito na napakahigpit na nagkakaisa ang ating Partido. Nagbibigay ng napakaimportanteng batayan para sa kasalukuyang pambansa at demokratikong rebolusyon ang pagkakaisang ito, dahil sa pagkakaisa lamang ng Partido Komunista makakamit ang pagkakaisa ng buong uri at buong bansa, at sa pagkakaisa lamang ng buong uri at buong bansa matatalo ang kaaway at maipagtatagumpay ang pambansa at demokratikong rebolusyon.

**Kabigin ang Masa ng Milyun-milyong Mamamayan sa Pambansang Nagkakaisang Prenteng Anti-Hapones**

Ang layunin ng ating wastong patakarang pampulitika at mahigpit na pagkakaisa ay kabigin ang masa ng milyun-milyong mamamayan sa pambansang nagkakaisang prenteng anti-Hapones. Kailangan ng malawak na masa ng proletaryado, uring magsasaka at petiburgesyang lunsod ang gawain natin sa propaganda, ahitasyon at organisasyon. Kailangan din nating lalong magsikap para makaalyansa ang mga seksyon ng burgesya na kontra sa Japan. Para magawang patakaran ng masa ang patakaran ng Partido, kailangan ng pagsisikap, ng matagalan at mapagpunyaging pagsisikap, ng walang tigil at walang pagod, matiyaga at puspusang pagsisikap. Kung wala ang ganoong pagsisikap, wala tayong makakamit. Ang pagbubuo at pagkokonsolida ng pambansang nagkakaisang prenteng anti-Hapones, ang pagtupad sa tungkuling nakaatang sa kanya, at ang pagtatatag ng demokratikong republika sa Tsina ay lubos na hindi maihihiwalay sa pagsisikap nating kabigin ang masa. Kung mapapamunuan natin sa ganitong pagsisikap ang masa ng milyun-milyong mamamayan, mabilis nating matutupad ang ating rebolusyunaryong tungkulin. Sa pamamagitan ng ating mga pagsisikap, tiyak na ibabagsak natin ang imperyalismong Hapones at lubusang makakamit ang paglayang pambansa at panlipunan.

## MGA TALA

1. Gumawa ang mga imperyalistang Hapones ng mga pansamantalang hakbang sa pakikipagkasundo pagkaraan ng Insidenteng Sian nang sa gayo'y mahimok ang mga awtoridad na Guomindang na guluhin ang kapayapaang pinanunumbalik sa Tsina at wasakin ang nabubuong pambansang nagkakaisang prenteng anti-Hapones. Nagpakana sila na ipalabas sa bogus na awtonomong gubyerno ng Inner Mongolia, na nasa kanilang kontrol, ang dalawang mensahe, isa noong Disyembre 1936 at isa pa noong Marso 1937 – mensaheng nanunumpang magiging tapat ito sa gubyernong Guomindang sa Nanking. At lantarang sinuyo ng ministrong panlabas ng Japan, ni Sato mismo, si Chiang Kai-shek, at tusong idineklara na pahuhusayin ng Japan ang relasyon nito sa Tsina at tutulungan ang Tsina na makamit ang pampulitikang unipikasyon at makakaahon sa ekonomya. Isa pa, nagpadala ang Japan ng tinatawag na Grupo sa Pag-aaral sa Ekonomya na pinamumunuan ni Kenji Kodama, isang napakayamang negosyanteng Hapon, para kunwari'y tulungan ang Tsina na "kumpletuhin ang pag-oorganisa ng modernong estado." Ang mga ito'y pakana para sa agresyon at bantog sa tawag na "diplomasyang Sato"; "pag-atras ng Japan" ang itinawag dito ng mga nalinlang ng panlalansi ng mga imperyalistang Hapones.

2. Noong Abril 1937, nilitis ng Mataas na Korte ng Guomindang sa Soochow si Shen Chun-ju at ang anim pang lider ng Kilusan sa Pagtatanggol laban sa Japan at Pagliligtas sa Bansa, na inaresto sa Shanghai noong Nobyembre 1936. Ang paratang ay "paglalagay ng Republika sa panganib" na siyang karaniwang gawa-gawang demandang ikinakaso ng mga reaksyunaryong awtoridad na Guomindang para siraan ang lahat ng makabayang kilusan.

3. Bago mangyari ang Insidenteng Sian, nakadestino ang Hilagang-silangang Hukbo sa hangganan ng mga probinsya ng Shensi at Kansu at direktang nakikipag-ugnayan sa Pulang Hukbo na nasa hilagang Shensi. Malaki ang impluwensya ng Pulang Hukbo sa Hilagang-silangang Hukbo, at di nagtagal ay nagkudeta ito sa Sian. Noong Marso 1937, napilitan itong

magtungo sa silangan sa mga probinsya ng Honan at Anhwei, na iniutos ng mga reaksyunaryong Guomindang para putulin ang pakikipag-ugnayan nito sa Pulang Hukbo at kasabay nito'y guluhin din ang hanay nito.

4. Lider militar sa hilagang-kanlurang Tsina si Heneral Yang Hu-cheng, na namuno sa Insidenteng Sian kasama si Chang Hsueh-liang. Sa gayo'y popular na pinagsanib sa magkakabit na apelyidong "Chang-Yang" ang mga pangunahing nanguna sa insidenteng ito. Nang palayain si Chiang Kai-shek, sinamahan siya ni Chang sa Nanking pero ikinulong kaagad si Chang. Noong Abril 1937, si Yang ay pinatalsik din ng mga reaksyunaryong Guomindang sa kanyang pwesto at napwersa siyang magbakasyon sa ibang bayan. Nang mag-umpisa ang Gera sa Pagtatanggol, bumalik si Yang sa Tsina para ialok ang kanyang serbisyo, pero ang nangyari'y habambuhay siyang ikinulong ni Chiang Kai-shek. Noong Setyembre 1949, nang umaabante ang Hukbong Mapagpalaya ng Bayan palapit sa Chungking, ipinapatay siya ng Guomindang sa loob ng *concentration camp*.

5. Ang Tungkuan ay isang importanteng daanang estratehiko sa hangganan ng Shensi, Honan at Shansi. Noong Insidenteng Sian, nakaistasyon sa silangan ng Sian ang karamihan sa mga tropang Guomindang. Pagkaraa'y nanghimok ang ilang kasama sa Partido na kilala sa pagiging "Kaliwa", tulad ni Chang Kuo-tao, na dapat "lumaban ang Pulang Hukbo hanggang palabas ng Tungkuan", na ang ibig sabihi'y dapat mag-opensiba (laban) sa mga tropang Guomindang ang Pulang Hukbo. Ang panukalang ito ay salungat sa patakaran ng Komite Sentral na mapayapang resolbahin ang Insidenteng Sian.

6. Sa mahabang panahon pagkaraan ng Rebolusyong Oktubre, nagpatupad ang mga imperyalistang Pranses ng patakarang mapanlaban sa Unyong Sobyet. Mula 1918 hanggang 1920, aktibong lumahok ang gubyernong Pranses sa armadong panghihimasok ng 14 na bayan laban sa Unyong Sobyet at patuloy na ipinatupad niyon ang reaksyunaryong patakarang ihiwalay ang Unyong Sobyet kahit pagkaraang mabigo ang panghihimasok. Noon na lamang Mayo 1935, sa impluwensya ng patakarang pangkapayapaan ng Unyong Sobyet sa mamamayang Pranses at dahil sa banta ng pasismong Aleman, pinagtibay ng Pransya ang kasunduang makikipagtulungan ito sa Unyong Sobyet, bagamat hindi tinupad ng reaksyunaryong gubyernong Pranses ang nasabing kasunduan.

7. Ito ang makabayang demonstrasyon ng mga estudyante na ginanap sa Beijing noong Disyembre 9, 1935, na pinamunuan ng Partido Komunista ng Tsina. Nanawagan ang kilusan na ihinto ang gerang sibil at at isulong ang armadong pagtatanggol laban sa Japan, at sinuportahan ng buong bansa ang kilusang ito.

8. Tinutukoy nito ang ismagling ng mga produktong Hapones sa Tsina.

9. Tinutukoy nito ang kolaborasyong Tsino-Hapones sa larangan ng ekonomya.

10. Tingnan ang *Manipesto ng Partido Komunista*, Ika-4 na Bahagi, nina Karl Marx at Frederick Engels; *Dalawang Taktika ng Sosyal-Demokrasya sa Demokratikong Rebolusyon*, Ika-12 at Ika-13 Bahagi, ni V.I. Lenin; at *Kasaysayan ng Partido Komunista ng Unyong Sobyet* (*Bolshevik*), *Maikling Kurso*, Ika-3 Tsapter, Seksyon 3.

11. Tingnan ang "Ang mga Pundasyon ng Leninismo," Ika-3 Bahagi, "Ang Rebolusyong Oktubre at ang Taktika ng mga Komunistang Ruso," Ika-2 Bahagi, at ang "Tungkol sa mga Usapin ng Leninismo," Ika-3 Bahagi, ni J.V. Stalin.

12. Tingnan ang “Talumpating Binigkas sa Palasyo ng Kremlin sa mga Nagtapos sa mga Akademya ng Pulang Hukbo” (Mayo 1935) ni J.V. Stalin, na nagsabing “...sa lahat ng mahalagang kapital na mayroon ang daigdig, ang mga mamamayan at kadre ang pinakamahalaga at pinakamapagpasya. Dapat malaman na sa kasalukuyan nating kalagayan ay ‘mapagpasya ang mga kadre.’ ”

13. Ang pagkakaibang ito ay ang pagkakaiba ng linya ng Komite Sentral ng Partido at linyang umatras noong 1935-36 ni Chang Kuo-tao. (Naging lagalag si Chang Kuo-tao, na dati’y kalahok sa rebolusyong Tsino. Nag-ispekulasyon siya tungkol sa rebolusyon, at sumapi siya sa Partido Komunista ng Tsina noong kabataan niya. Sa Partido, marami siyang naging pagkakamali at tuluyang nakagawa ng mabibigat na krimen. Ang pinakamasama, noong 1935 ay kumontra siyang magmartsa pahilaga ang Pulang Hukbo, nagtaguyod ng talunan at likidasyunistang pag-atras ng Pulang Hukbo sa mga lugar ng mga minoryang nasyunalidad sa hangganang Szechuan-Sikang, at lantarang nagsagawa ng traydor na mga aktibidad laban sa Partido at Komite Sentral, nagtayo ng sariling huwad na komite sentral, ginulo ang pagkakaisa ng Partido at Pulang Hukbo at nakapagpahamak nang husto sa Hukbo ng Ikaapat na Prente ng Pulang Hukbo. Salamat sa matiyagang pagbibigay ni Kasamang Mao Zedong at ng Komite Sentral ng edukasyon sa Hukbo ng Ikaapat na Prente at sa marami nitong kadre, wastong napamunuan uli sila kaagad ng Komite Sentral at gumanap sila ng marangal na papel sa sumunod na mga pakikibaka. Gayunma’y napatunayang hindi kayang magbago ni Chang Kuo-tao, na mag-isang tumakas sa Hangganang Rehiyong Shensi-Kansu-Ningsia noong tagsibol ng 1938 at sumapi sa lihim na pulisya ng Guomindang.) Sa pagsasabing “naresolba na... ang pagkakaiba,” tinutukoy ni Kasamang Mao Zedong ang katotohanang isinanib ng Hukbo ng Ikaapat na Prente ng Pulang Hukbo ang pwersa nito sa pwersa ng Sentral na Pulang Hukbo. Ang sumunod na lantarang pagkakanulo ni Chang Kuo-tao sa Partido at ang pagkabulok niya hanggang maging kontra-rebolusyunaryo ay aksyon ng indibidwal na traydor at hindi na usapin ng pagkakaiba sa linya ng Partido.